



*Editoryal*

# Madugong pang-iintriga, madugong panunupil


**M**alisyoso at mapanlinlang ang utos ni Gloria Arroyo sa pulisia na imbestigahan umano ang sunud-sunod na pagdukot at pagpatay sa mga makamasang personahe, lider at myembro ng mga progresibong partido at organisyon.

Anupa't palabas lamang ang gayong imbestigasyon. Naobliga si Arroyo na gumawa ng pakitang-taong hakbangin sa harap ng malawakang pagbatikos sa militar at sa kanyang rehimeng na silang tunay na utak sa likod ng walang awat na karahasan laban sa mamamayan at kanilang mga progresibong pwersa.

Katuwang ng hakbanging "imbestigasyon," nagkakalat ang Malakanyang ng isang malaking kasingalingan: na ang mga biktima ng karahasan ng rehimeng Arroyo, ay mga biktima umano ng "pagpupurga" sa hanay ng PKP at BHB, at sila'y mga pinagsuspectsahan daw na ahente ng gubyerno. Kasunod nito, sinasabi nilang si Arroyo at "dalawang namumunong upisyal ng Malakanyang na nagngangalang Gonzalez" ang target na patayin ng BHB. Di pa nakuntento sa mga ka-

sinungalingang ito, idinagdag pa nila na isusunod na rin sa mga papatayin ang ilang lider ng pampolitikang oposisyon.

Talagang nauwi na sa paghahabi ng pantasya ang Malakanyang sa desperasyon nitong pagtakpan ang katotohanan at maghugas-kamay sa responsibilidad nito sa pagpatay sa daan-daang progresibong aktibista. Malisyosong ibinibintang ito sa PKP at BHB sa layuning maghasik ng intriga at siraan ang rebolusyonaryong kilusan. Sinisikap nitong hatiin ang hanay ng nagkakaisang prenteng anti-Arroyo at pahinain ang kilusang masang nagsusulong ng pagbabagsak ng rehimeng Arroyo. Nais din nitong takutin at ikundisyon



ang mamamayan para sa mas maiigting pang panunupil.

Bahagi ng madugong pang-iintriga ng rehimeng Arroyo ang pilit na pagdadawit sa anim na kinatawan ng mga progresibong partido sa Kongreso sa mga kaso ng pagpaslang at pagdukot. Namimilipit man ang lohika at salat sa batayan, pilit na pinalalabas na ang mga biktima ng organisasyon ang

**Mga tampok sa isyung ito...**

10 armas, nasamsam sa Leyte at Samar

PAHINA 7

Panayam kay Jorge "Ka Oris" Madlos

PAHINA 8

Daniel Boone Schirmer, 91

PAHINA 11

nasa likod ng pagpatay sa sarili ni-tong mga lider.

Bukod sa pagdadawit sa kasilukuyang mga pamamaslang, plano rin ni Justice Sec. Raul Gonzalez na isangkot ang anim na progresibong mambabatas sa pagpatay sa mga pinaghinalaang impiltrador sa rebolusyonaryong kilusan noong dekada 1980. Sa gayo'y dadagdagan ng kathang-isip na ebidensya ang gawa-gawang kasong rebelyon laban sa kanila na pilit nagsasangkot sa kanila sa PKP at BHB at sa pakikipagsabutan umano nito sa mga rebeldeng militar para maglunsad ng kudeta.

Kasabay ng madugong pang-iintriga, pinaiigting pa ng ipokrito at nagmamalinis na rehimeng madugong pagtugis sa mga progresibong pwersa. Sa ngayo'y 585 na mga lider at myembro ng progresibong partido at organisasyon ang naging biktima ng mga *death squad* mula nang malukllok si Arroyo sa poder noong 2001. Nagsimula na rin ang operasyon ng mga *death squad* sa Metro Manila at isang myembro ng Bayan Muna sa Makati City ang unang biktima.

Nakakalat ang mga *death squad* ni Arroyo sa iba't ibang yunit ng

AFP at nasa kumand sila ng mga pusakal na pasistang upisyal na pinakamatatapat din kay Arroyo—tulad ni Maj. Gen. Jovito Palparan. Kilala ito sa loob ng AFP bilang “black army.” Sa Malakanyang, ang direktang nangangasiwa sa lahat ng ito ay walang iba kundi si Norberto Gonzales at ang pinamumuan niyang Cabinet Oversight Committee on Internal Security (COC-IS).

Inaasahan ng rehimeng madugong pang-iintriga, pinaiigting pa ng ipokrito at nagmamalinis na rehimeng madugong pagtugis sa mga progresibong pwersa. Sa ngayo'y 585 na mga lider at myembro ng progresibong partido at organisasyon ang naging biktima ng mga *death squad* mula nang malukllok si Arroyo sa poder noong 2001. Nagsimula na rin ang operasyon ng mga *death squad* sa Metro Manila at isang myembro ng Bayan Muna sa Makati City ang unang biktima.

Nakakalat ang mga *death squad* ni Arroyo sa iba't ibang yunit ng

Subalit nagkakamali ang rehimeng madugong pang-iintriga, pinaiigting pa ng ipokrito at nagmamalinis na rehimeng madugong pagtugis sa mga progresibong pwersa. Sa ngayo'y 585 na mga lider at myembro ng progresibong partido at organisasyon ang naging biktima ng mga *death squad* mula nang malukllok si Arroyo sa poder noong 2001. Nagsimula na rin ang operasyon ng mga *death squad* sa Metro Manila at isang myembro ng Bayan Muna sa Makati City ang unang biktima.

Nakakalat ang mga *death squad* ni Arroyo sa iba't ibang yunit ng

bolusyonaryong kilusan at masisindak at mapahihina ang hayag at ligal na kilusang anti-Arroyo. Ang walang pakundangang pagpatay sa mga progresibong pwersa at ang anti-komunistang paninira ay desperadong hakbang ng isang rehimeng labis nang nahihiwalay dahil sa tuluy-tuloy na pagkakalantad ng mga pasistang krimen nito, ng patung-patong na mga kasong rebelyon at pandaraya sa elekson at marami pang ibang krimen sa mamamayan at sa bansa.

Taliwas sa inaasahan nito, langlong nalalantad ang pagkamapanupil at brutalidad ng rehimeng madugong pang-iintriga, pinaiigting pa ng ipokrito at nagmamalinis na rehimeng madugong pagtugis sa mga progresibong pwersa. Sa ngayo'y 585 na mga lider at myembro ng progresibong partido at organisasyon ang naging biktima ng mga *death squad* mula nang malukllok si Arroyo sa poder noong 2001. Nagsimula na rin ang operasyon ng mga *death squad* sa Metro Manila at isang myembro ng Bayan Muna sa Makati City ang unang biktima.

Nakakalat ang mga *death squad* ni Arroyo sa iba't ibang yunit ng

Subalit nagkakamali ang rehimeng madugong pang-iintriga, pinaiigting pa ng ipokrito at nagmamalinis na rehimeng madugong pagtugis sa mga progresibong pwersa. Sa ngayo'y 585 na mga lider at myembro ng progresibong partido at organisasyon ang naging biktima ng mga *death squad* mula nang malukllok si Arroyo sa poder noong 2001. Nagsimula na rin ang operasyon ng mga *death squad* sa Metro Manila at isang myembro ng Bayan Muna sa Makati City ang unang biktima.

Nakakalat ang mga *death squad* ni Arroyo sa iba't ibang yunit ng

Subalit nagkakamali ang rehimeng madugong pang-iintriga, pinaiigting pa ng ipokrito at nagmamalinis na rehimeng madugong pagtugis sa mga progresibong pwersa. Sa ngayo'y 585 na mga lider at myembro ng progresibong partido at organisasyon ang naging biktima ng mga *death squad* mula nang malukllok si Arroyo sa poder noong 2001. Nagsimula na rin ang operasyon ng mga *death squad* sa Metro Manila at isang myembro ng Bayan Muna sa Makati City ang unang biktima.

Nakakalat ang mga *death squad* ni Arroyo sa iba't ibang yunit ng

Subalit nagkakamali ang rehimeng madugong pang-iintriga, pinaiigting pa ng ipokrito at nagmamalinis na rehimeng madugong pagtugis sa mga progresibong pwersa. Sa ngayo'y 585 na mga lider at myembro ng progresibong partido at organisasyon ang naging biktima ng mga *death squad* mula nang malukllok si Arroyo sa poder noong 2001. Nagsimula na rin ang operasyon ng mga *death squad* sa Metro Manila at isang myembro ng Bayan Muna sa Makati City ang unang biktima.

Nakakalat ang mga *death squad* ni Arroyo sa iba't ibang yunit ng

Subalit nagkakamali ang rehimeng madugong pang-iintriga, pinaiigting pa ng ipokrito at nagmamalinis na rehimeng madugong pagtugis sa mga progresibong pwersa. Sa ngayo'y 585 na mga lider at myembro ng progresibong partido at organisasyon ang naging biktima ng mga *death squad* mula nang malukllok si Arroyo sa poder noong 2001. Nagsimula na rin ang operasyon ng mga *death squad* sa Metro Manila at isang myembro ng Bayan Muna sa Makati City ang unang biktima.

Nakakalat ang mga *death squad* ni Arroyo sa iba't ibang yunit ng

# ANG Bayan

Taon XXXVII Blg. 10 Mayo 21, 2006

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wika ng Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong *i-download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

[www.philippinerevolution.org](http://www.philippinerevolution.org)

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa:

[angbayan@yahoo.com](mailto:angbayan@yahoo.com)

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

## Nilalaman

### Editorial

|  |   |
|--|---|
| Madugong pang-iintriga, madugong panunupil | 1 |
| Patuloy na pamamaslang at pagdukot         | 3 |
| Pangigipit sa Batasan                      | 4 |
| Dumaraming balakid sa Cha-cha              | 5 |
| Arroyo, nagkasala—CCTA                     | 6 |
| Arroyo, binatikos ng CBCP                  | 6 |
| <b>Matatagumpay na TO</b>                  | 7 |

|                                      |    |
|--------------------------------------|----|
| 2 M16 nasamsam sa Negros             |    |
| 10 armas, nasamsam sa Leyte at Samar |    |
| Ambus sa Isabela                     |    |
| Panayam kay Ka Oris                  | 8  |
| Paglaban sa NEMR                     | 9  |
| Daniel Schirmer, 91                  | 11 |
| Pang-eespiya ng US sa Pilipinas      | 12 |
| <b>Balita</b>                        | 14 |

# Tuluy-tuloy na pamamaslang at pagdukot

**P**atuloy na humahaba ang listahan ng mga karumal-dumal na krimen ng rehimeng Arroyo laban sa mamamayan. Sa loob lamang ng sampung araw, apat ang pinaslang, isa ang tinangkang patayin at dalawa ang dinukot na mga myembro at lider ng mga progresibong organisasyon. Biktima rin ng pamamaslang ang iba pang grupong anti-Arroyo.

Tinambangan ng mga nakamotorsiklong lalaki ang magkapatid na Jose Doton, 62 at Diosdado Doton, 57, sa Camangaan, San Nicolas, Pangasinan noong Mayo 16. Agad na namatay si Jose habang nasa kritikal na kundisyon ngayon si Diosdado. Si Jose ang tumatawong *secretary general* ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN)-Pangasinan at presidente ng Tignay dagiti Mannalon a Mangwayawaya ti Agno (TIMMWA) na aktibo sa paglaban sa San Roque Dam at tahasang nanawagan para sa pagpapatalsik kay Gloria Arroyo. Ayon kay Roman Polintan, *secretary general* ng Bayan-Central Luzon, si Doton ang ika-27 kasapi ng BAYAN na pinatay sa rehiyon ngayong taon.

Sa Metro Manila, dinukot ng mga armadong lalaki nitong Mayo 16 si Roland Ralla Porter ng Bayan Muna sa harap ng isang tindahan sa Makati City. Ayon sa mga nakasaksi, sapisitan siyang isinakay sa isang van ng mga nagpakilalang pulis. Hangang ngayon ay hindi pa siya inilitaw. Si Porter ang ika-15 aktibista na dinukot sa taong ito at ika-148 mula nang maupo si Arroyo sa poder noong 2001.

Tatlong araw bago ito, pinagbabaril hanggang mamatay si Manuel Nardo, Bayan Muna (BM) *co-ordinator* sa Barangay Quebiawan, City of San Fernando, Pampanga. Nakahandusay na'y tatlong beses pang pinaputukan si Nardo sa tiyan. Tumakas ang mga salarin sa-

kay sa isang motorsiklo.

Pinagbabaril din hanggang mamatay ang mag-asawang Elena "Baby" Mendiola, 54, at Ricardo Balauag, 61 sa Barangay Garit Sur, Echague, Isabela noong Mayo 10. Si Mendiola ang *secretary general* ng BM sa Isabela habang aktibong kasapi ng BM ang kanyang asawa. Hindi ito ang unang pagkakataong tinambangan si Mendiola ng mga *death squad* ni Arroyo. Unang pinagtangkaan ang kanyang buhay noong Marso 11.



Tinambangan din sa Oroquieta City, Misamis Occidental ang mag-asawang pastor na sina Rev. Jeremias Tinambacan at Rev. Marilou Tinambacan noong Mayo 9. Agad na napatay si Jeremias habang nasa kritikal na kundisyon ang kanyang asawa. Si Jeremias ay tagapangulo ng Bayan Muna-Misamis Occidental at silang mag-asawa ay mga pastor ng United Church of Christ in the Philippines. Ayon kay Marilou, isa sa mga nagambus sa kanila si Mamay Guimalaan, isang ahente ng AFP *intelligence*.

Mula nang maupo si Arroyo noong 2001, umaabot na sa 585 ang pinaslang na mga lider at kasapi ng mga progresibong organisasyon. Animnapu't pito sa kanila ang pinaslang mula Enero 2006.

Ayon din sa imbestigasyong isinagawa ng International Labor Solidarity Movement (ILSM) nitong Mayo 2-6, "sistematiko at laganap" ang mga paglabag sa kapatang-tao at karapatang manggagawa sa ilalim ng rehimeng Arroyo. Kabilang sa mga binatikos ng ILSM ang pagmasaker sa Hacienda Luisita, ang mga pagpatay sa mga aktibistang manggagawa at magsasaka at mga kaso ng pagdukot at harassment.

Tinukoy ng ILSM na utak ng mga paglabag sa kapatang-tao si Gloria Arroyo at mga alipures niya. Naitala ang 874 kaso ng paglabag sa kapatang-tao na bumikta ng 99,011 indibidwal, 14,302 pamilya at 288 komunidad noong 2005.

Samantala, dumarami na rin ang mga naiuulat na pagpaslang sa mga lider at myembro ng iba pang mga organisasyong anti-Arroyo.

Pinagbabaril nitong Mayo 18 sa Balanga, Bataan si Anna Gandia, organisador ng kababaihan. Bago ito, pinatay din sa Bataan ang maslinder na si Irma "Cathy" Alcantara at lider kabataang si Audie Lucero.

Sa Davao del Norte, pinaslang ang lider magbubukid na si Eric Cabanit sa Panabo City noong Abril 24.

Sa Negros, apat nang lider magsasaka ang pinapatay mula Marso hanggang Mayo. Binaril nitong Mayo 17 sa La Castellana, Negros Occidental si Mario Domingo. Pinatay naman noong Abril 22 sa Kabankalan, Negros Occidental si Porfirio Maglasang. Bago ito, pinaslang si Rico Adeva sa Silay City, Negros Occidental noong Abril 15. Pinagbabaril naman noong Marso 27 sa Tanjay City, Negros Oriental si Vicente Denila.

# Patuloy ang panggigipit sa "Batasan 6"

**L**umabas na sa gusali at proteksyon ng House of Representatives noong Mayo 8 ang limang kongresista na tinaguriang "Batasan 5" (Cong. Satur Ocampo, Joel Virador at Teddy Casiño ng Bayan Muna, Rafael Mariano ng Anakpawis at Liza Maza ng Gabriela Women's Party) matapos ang lampas dalawang buwang pagkakanlong doon upang maiwasan ang banta ng rehimeng Arroyo ng pag-aresto nang walang manda-myento.

Napilitan si Justice Secretary Raul Gonzalez na bawiin ang banta matapos ibasura ng Makati Regional Trial Court ang hakbang ng Department of Justice (DOJ) na isama sila at mahigit 40 iba pa sa kasong rebelyon na una nang isinampa laban sa naaresto nang sina Anakpawis Cong. Crispin "Ka Bel" Beltran at 1st Lt. Lawrence San Juan.

Sinalubong ang Batasan 5 ng mahigit isang libong taga-suporta at kaibigan sa labas ng Batasan at mula noon ay tumungo sila sa University of the Philippines sa Diliman upang ipagpatuloy kapwa ang selebrasyon ng kanilang tagumpay at ang kanilang muling paglahok sa mga protesta sa lansangan at iba pang pagkilos laban sa rehimeng Arroyo.

Kitang-kita ng lahat na walang tigil ang pagpupursigi ng rehimeng Arroyo na kasuhan, arestuhin at gipitin ang limang progresibong mambabatas. Ilang araw pa lamang matapos makalabas sila sa Batasan Complex, muling isinampa ng DOJ ang kasong laban sa kanila at kay Lieutenant San Juan sa Makati Regional Trial Court sa ilalim na ng ibang huwes.

Malinaw na wala pa ring matibay na batayan ang muling isinampang kasong laban sa kanila at kay Lieutenant San Juan sa Makati Regional Trial Court sa ilalim na ng ibang huwes. Pilit na pinalalabas ng DOJ na



may direktang kaugnayan ang limang mambabatas sa armadong kilusan at maging sa diumanong paglulunsad ng kudeta laban sa rehimeng Arroyo. Kaalinsabay, tuluy-tuloy din ang mga paninira at pagpapakanan laban sa kanila ng mga punong pasista ng Malakanyang na sina National Security Adviser Norberto Gonzales at Justice Sec. Raul Gonzalez.

## Bagong pakana

Pinakabagong pakana ni Norberto Gonzales ang planong pag-sangkot sa mga progresibong kongresista sa binabalak umanong asasinasyon ng BHB kay Gloria Arroyo, ilang myembro ng kanyang gabine-

te at ilang personalidad sa ligal na oposisyon. Gusto ng Malakanyang na gamitin para rito si Philip Limjoco, na dinukot ng AFP Intelligence sa Dau, Mabalacat, Pampanga noong Mayo 7. Si Limjoco, isa sa mahigit 40 kataong kinasuhan ng gawa-gawang kasong rebelyon kasa-ma ang Batasan 5 ay inaakusahan ng militar na myembro ng BHB. Malamang na iprisinta siya bilang operatiba ng BHB na inatasang magsagawa sa guni-guning pakana ng asasinasyon binabanggit ni Gonzales. Sa gayon ay maikakarga rin ng rehimeng Arroyo sa mga kasong isinampa laban sa mga progresibong mambabatas ang kathang-isip na planong asasinasyon.

Kasalukuyang hawak ng mga operatiba ng Intelligence Security Unit ng AFP si Limjoco at pinagbabawalang umugnay sa kanyang pamilya at mga abugado. Malamang ay ilitaw siya sa hinaharap bilang "patunay" sa plano umanong asasinasyon para maitiin ang Batasan 5.

Sa harap ng mga ito, lalong lumalaganap ang mga panawagan laban sa panggigipit ng mga kinatawan ng mga progresibong partido. Mula sa iba't ibang organisasyon at institusyon sa loob at labas ng bansa na nagtagtaguyod ng katarungan, demokrasya, karapatang-tao, mga karapatan sa parlamento at iba pang karapatang sibil, bumubuhos ang mga pagbatikos sa panggigipit sa anim na progresibong mambabatas. Kabilang dito ang Inter-Parliamentary Union (IPU) na nanawagan sa rehimeng Arroyo nitong Mayo 12 na palayain na si Ka Bel.

AB

# Dumaraming mga balakid sa Cha-cha

**T**umitindi ang desperasyon ng Malakanyang sa harap ng dumaraming balakid sa pagsusulong nito ng "Cha-cha" o "charter change." Hirap na hirap itong ikutan ang pagtutol ng malaking mayorya ng mga senador sa ipinipilit nitong pagsasanib ng Senado at Kongreso bilang Constituent Assembly. Sa kabilang dako naman, napa-kalawak ng pagtutol at ligal na balakid sa "people's initiative" bilang ikalawang paraan ng rehimen para baguhin ang saligang batas.

Desperado ang rehimen na isakatuparan ang "cha-cha" pagsapit ng Hulyo upang idiskaril ang muling pagsasampa ng kasong *impeachment* laban kay Arroyo sa pagbubukas ng Kongreso sa Hulyo. Sinubukan nitong amuhin ang mga senador na dumalo sa ipinatawag nitong pulong ng Legislative Executive Development Advisory Council (LEDAC) noong Mayo 16 na dinaluhan din ni Arroyo, mga myembro ng gabinete at mga kongresista. Pero wala itong nakamit dito liban sa pangakong magdaos ng dayalogo kaugnay ng "cha-cha".

Pero bago pa man nito, walang awat ang batikusan ng mga senador at kongresista. Di natitirang ang tindig ng malaking mayorya ng mga senador na iligal ang panukalang pagtatayo ng *constituent assembly*. Iginigiit ng mga senador na ang mga pagbabago sa konstitusyon ay maaaring isagawa sa paraang katulad ng pagbubuo ng bagong batas (*legislated amendment*) at na mangangailangan ng  $\frac{3}{4}$  na boto ng bawat kapulungan. Ibig sabihin, boboto ng hiwalay ang senado at kongreso, bagay na di pabovable sa Malakanyang, di lamang sa inaasahan nitong pagtutol ng senado sa mga panukala nito, kundi pati sa tagal na aabutin ng ganitong proseso. Labas dito, ang pagbubuo ng Constitutional Convention na lamang

ang natitirang paraan para baguhin ang konstitusyon.

Samantala, nagkamit ng magkasunod na tagumpay ang Committee for the Defense of Lawyers (CODAL) at iba pang grupong anti- "cha-cha" laban sa isinusulong na "people's initiative" ng maka-Arroyong Sigaw ng Bayan. Naipanalo sa mga Regional Trial Court ng Roxas City at General Santos City ang pagpapataw ng *temporary restraining order* (TRO) laban sa "people's initiative." Ang mga TRO na ito ay balakid sa beripikasyon ng Commission on Elections sa mga pirmang nakalap umano ng grupong Sigaw ng Bayan habang hindi pa narerresolba ng Korte Supre-

ma ang usapin. Napakararmi na rin ang nailalantad at napatutunayang peke na mga pirma.

Malaking sagabal ito sa umano'y "people's initiative" dahil itinatakda ng konstitusyon ng reaksyunaryong estado na reksito sa "people's initiative" ang pagtutipon ng beripikadong pirma ng 3% ng mga botante sa bawat isang distrito.

Dagdag dito, walang puknat ang kampanya ng Catholic Bishops Conference of the Philippines (CBCP) laban sa "people's initiative." Ayon sa pahayag ng CBCP noong Mayo 11, lubha itong naba-bala sa anito'y nagpapatuloy at mapanlinlang na kampanya para mangalap ng mga lagda alinsunod sa "people's initiative." Batay umano sa sarbey ng CBCP sa mga hurisdiksyon ng mga obispo nito, napag-alaman nitong malawak ang pagtutol ng mamamayan sa "people's initiative."

Kasabay nito, tahimik na nagpupulong at nagpaplano ang oposisyon sa Kongreso, kasama ang BAYAN, Bayan Muna at ilan pang grupong anti-Arroyo bilang paghahanda sa panibagong kasong *impeachment* laban kay Gloria Arroyo. Tinitiyak din nila ang katapatan at katatawan ng kanilang hanay. Bukod sa mga dating nai-haing ebidensya, nadagdagan pa ito ng mga ebidensya ng CCTA hinggil sa pandaraya sa eleksyon, pagpatay ng mga aktibista at iba pang pasistang pang-aabuso at paglabag sa konstitusyon kaugnay ng paglalabas ng Presidential Proclamation 1017, *calibrated preemptive response* (CPR) at Executive Order 464.

AB



# Gloria Arroyo, nagkasala—CCTA

**N**agkasala!" Ito ang hatol ng Citizens' Congress for Truth and Accountability (CCTA) laban kay Gloria Arroyo. Mga kasu ng pandaraya at manipulasyon sa eleksyon 2004, talamak na korapsyon at paglabag sa karapatang-tao ang isinampa laban kay Arroyo sa CCTA.


Ang 203-pahinang hatol ng CCTA ay inilabas nitong Mayo 10. Limang buwang pinag-aralan ng 15-kataong lupon ng mga hukom ang mga sinumpaang salaysay ng 22 testigo na humarap sa limang pampublikong pagdini ng noong Nobyembre 2005.

Sa partikular, napatunayan sa CCTA na nandaya si Arroyo at ang kanyang katambal na kandidato na si Noli de Castro sa mga prubinsya ng Cebu, Pampanga, Iloilo, Bohol at sa Autonomous Region for Mus-

lim Mindanao. Ginamit din niya ang mga pampublikong pondo para sa kanyang kampanya; at sinupil ang paglalantad sa kanyang mga krimen sa pamamagitan ng patakarang *calibrated preemptive response*, Executive Order 464 at Presidential Proclamation 1017.

May sala rin si Arroyo sa talamak at sistematikong kampanya ng pagpatay, pagdukot, pampolitikang pagtugis at iba pang pang-aabuso sa karapatang-tao mula nang manungkulan siya noong 2001.

Tinawag din ng CCTA ang "cha-cha" bilang pinakamalaking iskema ni Arroyo para pagtakpan ang kanyang mga krimen dahil layunin nitong konsolidahan ang kanyang po-



der, durugin ang buong oposisyon at isaisantabi ang lahat ng usapin laban sa kanya.

Ayon kay dating Bise Presidente Teofisto Guingona, tagapangulo ng CCTA, nag-

hapag ng walong rekomendasyon ang CCTA kabilang ang kagyt na pagbibitiw ni Arroyo bilang presidente para managot sa kanyang mga kasalanan; pananawagan sa panaigdigang komunidad na alisan ng suporta at pagkilala ang pekeng rehimeng Arroyo; paghahapag ng kasu laban kay Arroyo sa United Nations Human Rights Commission; at pagpapawalambisa sa lahat ng mga mapaniil at mapangapng batas.

AB

## Rehimeng Arroyo, binatikos ng CBCP

**M**ariing binatikos ng Catholic Bishops Conference of the Philippines (CBCP) ang rehimeng Arroyo nitong Mayo hinggil sa mga di-resolbadong usapin kaugnay ng pandaraya sa eleksyon.

Sa pahayag nito noong Mayo 11, iginiit ng CBCP sa rehimeng Arroyo na dapat na nitong linawin ang iba't ibang isyung may kaugnayang lahat sa pandaraya sa eleksyon 2004 tulad ng "Hello Garci" tapes, ang daan-daang milyong pi-song kinurakot mula sa "fertilizer scam" na sinususpectsang ipinampondo sa kampanya ni Arroyo, ang di pa isinasapublikong laman ng Mayuga report at mga anomalyang kinasasangkutan ng mga upisyal ng Comelec.

Partikular sa "Hello Garci" tapes at "fertilizer scam," iginiit ng CBCP ang pagpapatuloy ng mga sinimulan nang pagdini ng Senado at Kongreso hinggil dito at ang

pag-uulat ng buong resulta sa publiko. Iginiit din ng CBCP na isapubliko na ang buong nilalaman ng imbestigasyong ginawa noong 2005 ni Vice Adm. Mateo Mayuga ng Philippine Navy hinggil sa pagkakasangkot ng matataas na upisyal ng militar sa malawakang daayaan sa eleksyon 2004 lalung-lalo na sa Mindanao. Gayundin, muling iginiit ng CBCP na ireorganisa ang Comelec at parusahan ang lahat ng upisyal na mapatutunayang sangkot sa mga maanomalyang kontrata. Binatikos din ng CBCP ang "people's initiative" dahil anito'y hindi naman ito pinasimulan ng mamayahan.

Sadyang pinutol ng rehimeng ang mga imbestigasyon sa Senado at Kongreso hinggil sa "Hello Garci" tapes noong katapusan ng Enero upang hindi na maisiwalat sa publiko ang mga detalye ng pandaraya nito noong eleksyon ng Mayo

2004. Itinatago rin ng rehimeng si dating Department of Agriculture Undersecretary Jocelyn Bolante, isa sa mga susing personaheng makapagbibigay ng detalye hinggil sa iligal na paggamit sa kampanyang pang-eleksyon ni Arroyo sa pondong dapat ay ipinambili ng abono. Ang kabuuang resulta ng imbestigasyon ni Mayuga na noong Nobyembre 2005 pa natapos ay hindi pa rin isinasapubliko hanggang ngayon. Ang mga rekomendasyon naman hinggil sa "paglilinis" sa Comelec ay hindi pa rin inaaktuhan ni Arroyo.

Anang CBCP, hangga't hindi inililinaw ng rehimeng Arroyo ang mga usaping ito, magpapatuloy ang simbahang Katoliko sa pagkundena di lamang sa kawalan ng moral na batayan ng paghahari ng rehimeng kundi sa lahat ng kabulukang kinasasangkutan ng guberyong Arroyo.

AB



## 2 M16 nasamsam sa Negros

Dalawang ripleng M16 ang nasamsam ng Disang tim ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) matapos nitong salakayin ang isang grupo ng Regional Mobile Group (RMG) ng Philippine National Police (PNP) nitong Mayo 20 sa Barangay Mabini, Escalante City, Negros Occidental.

Dalawang pulis ang napatay sa pagsalakay. Kabilang sila sa apat-kataong tim ng 602nd RMG na nanood ng sayawan sa baryo. Sinorpresa sila bandang ala-una ng madaling araw ng apat na Pulang mandirigma. Sumaklolo ang ibang mga pulis ngunit nakaatras na ang mga gerilya AB

## Ambus sa Isabela

Pitong sundalo ang napatay at siyam ang nasugatan nang tambangan ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang mga tropa ng 45th IB sa pagitan ng Barangay Ueg at Panninan sa San Mariano, Isabela noong Abril 2.

Papasok ang mga sundalo sa Barangay Panninan nang mamataan sila ng yunit ng BHB sa lugar. Hinabol sila ng isang tim ng mga gerilya at inabutang nagpapahinga sa isang burol. Agad pumusisyon ang BHB, pinaputukan ang mga sundalo at pinasabugan ng rifle grenade.

Matagal nang nakaatras ang mga Pulang mandirigma nang dumating ang reimporment na helikopter dalawang oras matapos ang labanan.

Bago ang ambus, dalawang magsasaka mula sa Barangay Ueg ang dinukot at pinagbubugbog ng mga sundalo. Pinagbawalan din ng mga pasistang tropa ang mga magsasaka kung pumunta sa kanilang mga kaingin. Binantayan nila lahat ng tawiran sa ilog at hinanapan ng sedula ang lahat ng tagabaryo.

Ang ambus ay nagsilbing parusa sa 45th IB sa pandarahas nito sa mamamayan sa lugar at ambag ng BHB sa pagpapabilis ng pagpapabagsak sa rehimeng Arroyo. AB

## 10 armas, nasamsam sa Samar at Leyte

Sampung armas ang nasamsam ng BHB sa mga taktikal na opensiba nito sa Samar at Leyte nitong Mayo 5 at 6, ayon sa pinakahuling mga ulat mula sa larangan.

Sa Eastern Samar, apat na ripleng M16, dalawang pistolang 9 mm at isang pistolang .357 ang nasamsam ng BHB nang ambusin nito ang anim na pulis sa Bonghon, Dolores, Eastern Samar noong Mayo 6, ayon sa Sergio Lobina Command. Nauna nang naiulat ng AB na limang M16 ang nasamsam sa naturang pananambang.

Isang pulis ang napatay at dalawa ang nasugatan sa ambus habang isa ang sumurender at ang dalawang iba pa ay tumakbo. Nilapatan ng BHB ng *first aid* ang mga sugatan at maayos ding tinrato ang sumukong pulis, taliwas sa ipinamalita ng kaaway.

Sa Leyte, dalawang M16 ang nasamsam ng BHB nang ambusin nito ang mga tropa ng 19th IB sa Sandayong, Hibalangan, Villaba noong Mayo 5. Dalawang sundalo ang napatay at dalawa ang nasugatan sa pananambang na tumagal lamang nang 15 minuto, ayon sa Mt. Amandewin Command (MAC) ng BHB-Leyte Island. Pinabulangan din ng MAC ang ipinagkalat ni Lt. Col. Lope Dagoy ng 19th IB na nilabag ng BHB ang mga pandaigdigang batas ng digma nang sunugin nito umano ang bangkay ng isa sa mga namatay na sundalo. Ayon sa BHB-MAC, nasunog ang bangkay nang magliyab ang gasolinang dala-dala ng mga sundalo sa kanilang sasakyang bunga ng pagtama nito sa *command-detonated land mine*.

Ayon pa rin sa BHB-MAC, ang 19th IB ang tunay na lumalabag sa karapatang-tao dahil sa pagpatay nito kay Jessie Talaboc, isang sibilyang pinaratangang Pulang mandirigma. Si Talaboc, isang residente ng Sityo Can-ili, Barangay Dunghol, Ormoc City ay dinukot, tinortyur at pinatay ng mga tropa ng 19th IB noong Mayo 7 at ipinrisinta bilang kaswalti umano ng BHB.

Ito ay matapos mabigo ang 19th IB na makapatay o makahuli ng kahit isang Pulang mandirigma sa reyd nito sa isang kampo ng BHB sa Sityo Pikas ng naturang barangay noong araw na iyon. Nasugatan, nagulantang at natakot ang mga sumasalakay na sundalo nang mag-sisabog ang mga *command-detonated land mine* na itinanim ng BHB sa perimetro ng kampo kaya hindi na nila tinugis ang mga Pulang mandirigmang nakaatras nang walang pinsala. Dalawang *blocking force* din ng kaaway na pinaputukan ng mga isnayper ng BHB ang hindi na rin nanlaban. AB

## Bumubwelo ang rebolusyon sa Mindanao

**P**atuloy na nagkakamit ng maniningning na tagumpay ang rebolusyonaryong kilusan at mamamayan sa Mindanao. Sa pakikipagpanayam ng *Ang Bayan* kay Kasamang Jorge "Ka Oris" Madlos, tagapagsalita ng National Democratic Front-Mindanao, ibinahagi niya na ang rebolusyonaryong kilusan sa isla ay sumasaklaw na sa 19 sa 25 prubinsya. Umaabot na sa 200 bayan at syudad nito ang saklaw ng 35 larangang gerilya ng BHB.

"Ang Mindanao ay isang mayamang isla," ani Ka Oris, "ngunit mayorya sa mahigit 17 milyong populasyon nito ay naghihikahos, api at pinagsasamantalahan ng mga dambuhalang imperyalistang korporasyon, malalaking burgesyang komprador at malalaking panginoong maylupa."

Hindi kataka-taka, sa gayon, na malakas kapwa ang hayag at armadong paglaban ng mamamayan dito. "Nandito ang lehitimong paglaban ng mga Moro sa pamagitan ng MILF at MNLF. Mas lagap ang paglaban ng mamamayan sa pangunguna ng PKP-BHB-NDF."


Patunay nito ang 412 maliliit at malalaking taktikal na opensiba na inilunsad ng BHB sa Mindanao sa nagdaang 16 na buwan. Pinakamarami rito ay nailunsad sa huling bahagi ng 2005. Nakasamsam ang mga Pulang mandirigma ng mahigit 300 iba't ibang klaseng armas. Mahigit 300 reaksyunaryong tropa o katumbas ng isang batalyon ang namatay sa mga labanan. Halos 300 din ang nasugatan sa kanilang tropa sa panahong ito. "Nakamit natin ang mga tagumpay na ito nang halos walang pinsala sa ating mga pwersa," dagdag pa ni Ka Oris.

Tampok sa mga taktikal na opensiba ang matatagumpay na paglusob sa anim na *municipal station* ng PNP kung saan nakasamsam ang BHB ng mahigit 80 iba't

ibang kali-breng baril at mga reyd sa dalawang malalaking detatsment ng AFP-CAFGU. Tampok din ang limang mayor na ambus at dalawang espesyal na operasyon.

Ito ang tugon ng rebolusyonaryong pwersa sa Mindanao sa pagkapal ng pwersa ng reaksyunaryong hukbo sa isla. Ayon pa kay Ka Oris, "sa nakaraang ilang taon ay 70% ng tatlong dibisyon nitong nakabase sa Mindanao ang itinambak ng rehimeng Arroyo sa mga larangang gerilya ng BHB. Kabilang sa mga pwersang ito ang Marines at Special Forces."

Sa ilalim ng Oplan Bantay Laya, naglulunsad ang AFP sa Mindanao ng mas brutal na mga operasyong militar sa kanayunan at malawakang pamamaslang sa mga lider at kasapi ng mga lehitimong organisasyong masa at partido. Gayunpaman, bigo ito sa pagpigel sa pagbwelo hindi lamang ng malawak na kilusang masa laban sa paghahari ni Arroyo kundi ng komprehensibong pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan sa buong isla.



### "Buhay pa ako"

Ilang araw bago ginanap ang panayam kay Ka Oris sa isang himpilan sa Caraga region noong huling bahagi ng Abril, pinakakalat ng AFP ang balitang siya ay patay na. Pinalalabas ng AFP na siya'y napatay sa isang labanan sa Paquibato District sa Southern Mindanao; at nang hindi mapatunaya'y sinabing namatay siya dulot ng matinding sakit.

Natatawang pinabulaanan ito ni Ka Oris at sinabing "buhay pa ako!" Aniya, malinaw na layunin ng militar na subuking idemoralisa at lituhin ang mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan sa pamamagitan ng mga kwentong ito. Bulag ang militar sa tunay niyang kalagayan at kinalalagyan kaya pati ang midya ay sinubukan nitong gamitin sa paghahanap sa kanya.

AB



*Laban sa RSOT at strike operations ng AFP sa Northeastern Mindanao*

## Mapanlikha at matatalas na taktika

**M**ataas ang kahandaan at kakayahan kapwa ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at ng mamamayan sa Front 14 ng Northeastern Mindanao Region na biguin ang mga operasyong militar ng mga reaksyunaryong armadong pwersa at maglunsad ng mga taktikal na opensiba. Bunga ito ng naabot na mahigpit na pagkakaisa sa mga prinsipyo at diwa ng armadong rebolusyon, kahusayan ng mga Pulang kumander at mandirigma at mataas na antas ng militansa at katatagan ng mamamayan sa lugar.

Mula nang maitayo ang laramang ito noong 1998, tuluy-tuloy ang nakamit nitong mga tagumpay sa armadong pakikibaka, pagtatayo ng baseng masa at rebolusyong agraryo. Mula't sapul ay hindi pa nakararanas ng depensiba ang alinmang yunit ng BHB dito. Anumang operasyon ng kaaway, gaano man kalaki ang pwersang ipinadadala nito, palagiang naka-kikita ng paraan ang mamamayan at BHB upang idiskaril kundi man tahasang biguin ang mga ito.

Sa lahat ng labanan, katuwang ng mga Pulang mandirigma mula sa paghahanda—paniniktek, surreylans, paghahanda ng *ambush sites*—hanggang sa aktwal na paglulunsad ng mga taktikal na opensiba ang mga elemento ng miliyang bayan.

### **Paglaban sa mga strike operation**

Isang halimbawa nito ang pagbigo ng BHB sa malakihang opera-



syon ng AFP mula Marso 2 hanggang 12 na naglayong itaboy ang mga Pulang mandirigma sa mga lugar na mayroong operasyong pagtotooso ang PICOP. Umabot sa 500 pwersa ng Military Intelligence Battalion, 36th IB at iba pang mga yunit militar ang naglunsad ng *clearing operations* sa magkakasnugnog na halos 20 baryo sa hangganan ng Agusan del Sur at Surigao del Sur.

Agad na pinaghandaan ng BHB ang pagpasok ng malaking tropa. Tinukoy ng mga nakatalagang yunit ang mga dinaanan ng mga sundalo at pinag-aranan ang mga ito upang gawing *ambush site*. Tinamnan ang mga ito ng mga *command-detonated land mine* at mahigpit na pinamanmanan.

Mula sa tabing haywey hanggang sa mga interyor na baryo, minanmanan ng taumbaryong tinukoy bilang mga espesyal na paniktek ang mga kilos ng AFP at ma-

taman itong sinubaybayan. Tuwing may nakukumpirmang pagkilos ng anumang bahagi ng tropa, agad na nagdedelete ng isa hanggang dalawang tim ang sentrong kumand ng BHB upang maglunsad ng mga operasyong harasment. Mga isnayper tim na kinabibilangan ng apat hanggang limang Pulang mandirigmang may dalang malakas na riple ang inatasang dumikit sa mga dinadaanan ng papasok na tropa. Bunga nito, hindi lamang nahadlangan ng BHB ang mga sundalo, nakapagdulot pa ito ng pinsala.

Isang halimbawa nito ang operasyong harasment na isinagawa noong Marso 5 kung saan nakasagupa ng ipinadalang tim ng BHB ang kanilang target na isang platoon ng Scout Rangers na biglaang pumasok sa isang sityo sa Surigao del Sur. Unang nakapagpaputok at nakapusyon ang mga tropa ng kaaway kaya napilitang umatras




ang tim ng BHB. Nakapasok sa baryo at pumusisyon ang naturang tropa sa isang bahay at ginawang panangga ang pamilya roon. Agad na kumilos ang taumbaryo at iniligtas ang pamilya kaya naiwang bulwernable sa atake ng BHB ang mga sundalo. Sa hapon ding iyon, kinumando at pinaputukan ng mga mandirigma ang mga sundalo upang itaboy sila sa baryo. Dalawa ang agad na napatay at nasugatan ang iba pa.

Kahit hindi pa man nakapapasok ang mga tropa ng kaaway, napipinsala na sila ng mga atake ng BHB. Noong Enero 29, inambus ng mga mandirigma ang anim na sundalong nagsilbing *advance scouting team* ng 36th IB sa isang baryo sa Bislig City. Isa ang agad na napatay at sugatan ang iba pa.

### Paglaban sa RSOT

Matagumpay din ang paglaban ng mamamayan at ng BHB sa mga operasyon ng RSOT sa lugar. Mula Agosto 15 hanggang Setyembre noong nakaraang taon, naglunsad ang 36th IB ng mga operasyong RSOT sa limang magkakanugnog na baryo sa Surigao del Sur at Agusan del Sur. Binalak ng militar na magtagal sa lugar nang hanggang anim na buwan upang makapagtayo ng mga kontra-revolutionaryong *barrio intelligence network* (BIN), makapagrekulta ng mga elemento para sa CAFGU at sa kalauna'y makapagtayo ng detatsment. Sa aktwal, nakatagal lamang nang 45 araw ang mga sundalo bago matagumpay na napalaya ng mamamayan at ng BHB.

Bago pa man pumasok ang mga tropang maglulunsad ng RSOT, nagpahayag na ang mamamayan sa lugar ng kanilang pagtutol sa gagawing operasyon ng mili-



tar. Hiningi nila ang tulong ng lokal na gubylene, mga institusyon at simbahang upang igiit ang kagyat na pag-atras ng kaaway.

Sa loob ng mahabang pahanon, biktima ng pang-aabuso ng militar ang mamamayan dito. Palagiang katuwang ng mga bayarang *goons* ng PICOP ang AFP sa paggiba ng kanilang mga bahay, pagbubunot ng kanilang mga pananim at pagsusunog ng kanilang ari-arian sa tangkang palayasin sila sa lugar. Kung kaya gayon na lamang ang kanilang pagtutol sa militar.

Noong Setyembre, sistematiko at mabilis na naisagawa ang organisadong ebakwasyon ng isang sityo sa Rosario, Agusan del Sur ilang araw matapos pumasok ang mga tropa ng kaaway dito. Sa tulong ng simbahan at mga lokal na upisyal, ilang araw na nanatili sa sentrong bayan ang ilandaang pamilya. Tumanggi silang bumalik sa kanilang lugar hangga't neroon pa ang mga sundalo. Katuwang ang iba pang sektor, mariin nilang hiniling sa meyor at iba pang mataas na upisyal na kagyat nang palaisin ang RSOT sa kanilang baryo.

Sa isa pang pagkakataon, biglaang pinasok ng isang platan ng 36th IB ang isang sityo sa Bunawan, Agusan del Sur nang hindi na-

mamalayan ng taumbaryo. Kaagad naghanda ang mamamayan dito para lumikas at tumungo sa kahayan sa sentro ng sityo. Nang mapansin ng naturang yunit ng kaaway na naghahanda nang lumikas ang taumbaryo, agad-agad na silang umalis. Hindi na itinuloy ng mamamayan ang ebakwasyon.

Lalo pang pinaiigting ng BHB ang paglulunsad ng mga taktikal na opensiba sa harap ng mga operasyon ng AFP. Sa simula pa lamang ng mga operasyong RSOT, naglulunsad na ng mga operasyong harassment, isnayping at mga ambus ang mga Pulang mandirigma upang magdulot ng pinsala sa militar at paatrasin ang mga ito.

Apat na beses na nakapaglunsad ng mga operasyong harassment ang BHB laban sa RSOT sa loob ng panahong ito. Dahil sa sobrang takot ng mga sundalo, nanatili na lamang sila sa mga sentro ng kanilang tinarget na sityo at hindi na naglunsad ng mga aktibidad sa mga paligid nito. Halos tig-iilang araw lamang ang kanilang itinatalgal sa lugar bago sila napipilitang umatras.

Sa pamamagitan ng mapanlikhang mga maniobra at matatag na paglaban ng mamamayan, kasabay ang masigasig at mahusay na paglulunsad ng mga taktikal na opensiba ng BHB, nabibigo ang mga operasyon ng RSOT. Ang karanasang ito ay tuluy-tuloy na nagpapataas sa militansya ng mamamayan at lalong nagpapahusay at nagpatalas sa mga yunit ng BHB. Ito rin ang naghahanda sa kanila sa pagharap ng mga kasuod na mga operasyon ng AFP. **AB**


# Kaaway ng imperyalismo at kaibigan ng mamamayang Pilipino

Kaisa ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang iba't ibang organisasyon at indibidwal sa US, sa Pilipinas at sa buong mundo sa paggagawad ng pinakamataas na parangal kay Daniel Boone Schirmer—isang tunay na patriyotikong Amerikano, rebolusyonaryong internasyunalista, mata-tag na anti-imperialista at masugid na tagapagtaguyod ng pakikibaka ng mamamayang Pilipino at ng lahat ng aping mamamayan.

Kinikilala ng PKP ang buong buhay na dedikasyon ni Daniel Boone Schirmer sa paglaban sa imperyalismong US at sa pang-aapi nito sa mamamayan ng buong daigdig. Namatay si Schirmer sa US noong Abril 21 sa edad na 91.

Tumulong si Daniel Boone Schirmer sa pagpupukaw, pag-ooranisa at pagpapakilos sa mga estudyante at manggagawa noong dekada 1930 para ipaglaban ang kanilang mga karapatan noong Great Depression. Naging kasapi siya ng Partido Komunista sa US noong dekada ding iyon. Noong 1950, apat na taon siyang tinugis at napilitang kumilos nang lihim, hanggang ares-tuhin siya at ikulong ng gubyernong US noong 1954 sa kasagsagan ng anti-komunistang McCarthyistang istrya. Nang bumalik siya sa unibersidad noong dekada 1960, aktibo siyang kumilos laban sa gerang agresyon at pananakop ng US sa Vietnam.

Noong 1969 ay isinulat ni Daniel Boone Schirmer ang kanyang *doctoral thesis* na pinamagatang "Republic or Empire: American Resistance to the Philippine War," na kalauna'y inilimbag bilang libro. Nagtuon ng pansiñ ang *thesis* niya sa Anti-Imperialist League, isang



organisasyon ng mga makabayang Amerikano na pinamunuan ng Amerikanong nobelistang si Mark Twain, na tutol sa gera ng US upang gawing kolonya ang Pilipinas sa pagbubukas ng ika-20 siglo. Iginiiit niya na hindi maaaring ituring ng US ang sarili nito bilang demokratikong bansa habang inaapi nito ang ibang mamamayan.

Sa tradisyon ng liga at ni Mark Twain, naging matamang tagapagtanggol si Schirmer ng pandaigdigang pagkakaisang anti-imperialista at hanggang sa kanyang huling hininga ay aktibo niyang sinuportahan ang pakikibaka ng mamamayang Pilipino laban sa imperyalismo, pasismo at reaksyon.

Tunay na kaibigan ng mamamayang Pilipino si Daniel Boone Schirmer. Kasama ng iba pang Pilipinong naninirahan sa US, mga Pilipino-Amerikano at iba pang progressibong Amerikanong kaibigan ng mamamayang Pilipino, tumulong siyang buuin ang Friends of the Fi-

lipino People (FFP) bilang tugon sa pagpapataw ng pasistang diktadura sa Pilipinas sa udyok ng US, at para suportahan ang anti-imperialista at antipasistang pakikibaka ng mamamayang Pilipino. Masugid niyang sinubaybayan ang mga pangyayari sa Pilipinas at sumulat siya ng maraming libro tungkol sa kagalagan dito at sa gayo'y na katu-long siya sa paglalantad sa mamayang Amerikano at sa buong mundo sa pagpapakatuta ni Marcos sa US at mga pasistang abuso ng diktadurang US-Marcos.

Katuwang ng kanyang mga kasa-ma sa FFP, signipikanteng naka-pag-ambag si Schirmer sa US sa pagtuligsa sa pakikipagsabwatan at suporta ng US sa diktadurang Marcos at bunga nito'y nakalikom sila ng suporta para sa pakikibakan Pilipino mula sa mamamayang Amerikano at napalakas ang pakikibaka ng mga Pilipinong nani-nirahan sa US. Nakatulong ang kanilang gawain para mailantad, maihiwalay at kalauna'y maibagsak ang pasistang diktadura.

Ang presensya ng mga base mili-tar ng US sa Pilipinas ay susing usapin na tinutukan ni Schirmer sa loob ng tatlong dekada. Sumulat siya ng maraming artikulo at nag-salita sa mga rali, simposium at

"Schirmer...," sundan sa pahina 12

*"Schirmer...," mula sa pahina 11*

iba pang pagtitipon para ipanawagan ang paglalansag sa mga base militar ng US sa Pilipinas. Sa makasaysayang boto ng Senado na tumapos sa kalahating siglong pag-iral ng tratadong nagpapahintulot sa permanenteng mga base militar ng US sa bansa, pinarangalan siya ng Senado ng Pilipinas bilang isa sa mga pangunahing impluwensya para tapusin na ang tratado.


Matapos malansag ang mga base ng US, patuloy na binatikos ni Schirmer ang bawat pakana ng mga gubyerno ng US at Pilipinas para ibayong labagin ng US ang soberanyang Pilipino sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga mapanghimasok na tropang pangkombat sa bansa at pagtatransforma sa buong bansa bilang mistulang base militar sa pamamagitan ng iba't ibang tratado at kasunduan tulad ng "Mutual Logistics Support Agreement," "Status of Forces Agreement," "Access and Cross-Servicing Agreement" at "Visiting Forces Agreement."

Ang matatalas at mahusay na sinaliksik na mga sulatin, talumpati at iba pang mahahalagang ambag ni Daniel Boone Schirmer sa pakikibaka laban sa imperyalismong US, sa diktadurang US-Marcos at sa ibayong sabwatan ng US at ng mga sumunod pang papet na rehimen sa Pilipinas ay nagsisilbi ngayong pamana at inspirasyon sa maraming Amerikano at Pilipino at iba pang rebolusyonaryo at progresibong pwersa para ipagpatuloy ang pagsusulong ng rebolusyonaryong pakikibaka sa sariling bansa, itaguyod ang rebolusyonaryong internasyunalismo at supportahan ang mga rebolusyonaryong pakikibaka sa iba pang bansa.

AB

## Paniniktik at panghihimasok ng US sa pulitikang Pilipino

**M**atapos ang siyam na buwang pagkakapiit, inamin nitong Mayo ng isang ahente ng Federal Bureau of Investigation (FBI) ng US na iligal siyang naglabas ng mga sikretong dokumento mula sa pinatrabahuan niyang tanggapan ng FBI at ibinigay ito sa ilang malalaking pulitiko sa Pilipinas. Si Leandro Aragoncillo, isang Fil-Am, ay dating tagasuri ng mga datos paniktik na kinakalap ng FBI tungkol sa Pilipinas at dati ring tagayong militar sa dalawang magkakasunod na bise-presidente ng US. Nagsilbi rin siyang sundalo ng US Marines sa loob ng 21 taon. Inaresto siya noong Setyembre 2005 sa kasong pang-eespiya para sa ilang personaheng Pilipino.



Pero ang totoo, si Aragoncillo ay isang tauhan ng US na nang-espiya sa Pilipinas. Kinasangkapan siya upang mangalap ng impormasyon tungkol sa bansa na magagamit sa panghihimasok sa mga internal na usapin ng Pilipinas sa layuning pangalagaan at isulong ang interes ng US. Bagaugat ang mas tumatampok ngayon ay ang pakikipag-ugnayan niya kay dating presidente Joseph Estrada at iba pang oposisyunista, hindi lihim na aktibo rin siyang nakipag-ugnayan sa mga susing upisyal at alyado ng gubyerno tulad nina Mike Defensor at Cong. Rodolfo Albano ng Isabela.

Ang trabaho ni Aragoncillo para sa US ay kumukumpirma sa matagal nang ginagawang paniniktik at pag-iipon ng US ng impormasyon tungkol sa maseselan at panloob na usapin at pangyayari, mga upisyal ng gubyerno, oposisyon at susing personalidad sa papet nitong estado.

Sa aktwal ay naniniktik ang US sa lahat ng bansa, kapwa sa mga kabiligan at kalaban nitong estado. Ang pang-eespiya nito sa Pilipinas, at gayundin sa iba pang bayan, ay hindi lamang para alamin at pag-aralan ang mahahalagang pangyayari at panloob na usapin dito. Ginagamit ng US ang natitipong impormasyon pangunahin upang panghimasukan at manipulahin ang mga pangyayari at usapin ayon sa interes nito at kasingkapanin sa pag-iimpluwensya, panunuhol, pagmamanipula hanggang pambabraso at panggigipit sa iba't ibang upisyal o personahe ng gubyerno, oposisyon at iba pang sektor sa bansa.

Ang mga inihahayag na "pagsusuri" ng mga upisyal ng gubyernong US at maging ng mga upisyal ng embahada ng US sa bansa tungkol sa pampolitikang sitwasyon dito ay naglalaman (sa tuwiran o di-tuwirang paraan) ng mga atas, babala at himaton sa gustong mangyari ng US. Mas marami pa ang hindi inihahayag at ginagamit sa iba't ibang paraan ng

*"Paniniktik...," sundan sa pahina 13*

# Pang-eespiya ng US sa sariling mamamayan

Tinitiktikan ng rehimeng Bush imaging ang sarili nitong mamamayan. Nabunyag nitong Mayo na matapos ang mga teroristang atake noong Setyembre 11, 2001, iniutos at ipinatupad ng rehimeng malawakang pang-eespiya sa mamamayang Amerikano sa pamagitan ng paniniktek sa kanilang mga rekord sa telepono at sa kanilang sulatan sa internet.

Inobliga ng National Security Agency, isang espesyal na ahensiya ng paniktek na nakatutok sa elektronikong komunikasyon, ang tatlong dambuhalang kumpanyang telekomunikasyon sa bansa na ibigay sa gubyerno ang rekord ng mga tawag ng kanilang milyun-milyong kliyente. Hiningi rin nito ang impormasyon kaugnay ng mga pribadong sulat na dumadaan sa mga kumpanya. Ginamit ng NSA ang mga rekord na ito upang tuluy-tuloy na subaybayan ang elektronikong komunikasyon ng mamamayan sa ngalan ng "pagtukoy ng posibleng mga aksyon terorista."

Mahigpit na ipinagbabawal ng mga batas ng US ang paniniktek sa mamamayan nang walang mandamyento mula sa korte. Kagyat at malawakan ang protesta na sumalubong sa tinaguriang pinakamalawak na paglabag sa mga karapatang sibil ng mamamayang Amerikano. Iniimbestigahan ito ngayon sa Senado ng US. Kinasuhan na rin ng paglabag sa mga karapatang sibil at pribasiya ng mga kliyente nito ang AT&T, isa sa mga dambuhalang kumpanyang telekomunikasyon na nakipagkakasundo sa NSA.

*"Paniniktek...," mula sa pahina 12*

pakikialam ng US.

Tinitiyak ng US na "mayroon itong hawak na alas" tungkol sa kahit aling panig ng reaksyunaryong pulitika. Malinaw itong na-kita sa kaso ni Aragoncillo at mga umano'y impormasyong nakalap niya.

Sa isang panig, ginamit ng US ang paglalantad kay Aragoncillo at ang pagdadawit nito sa kampung Estrada upang ipadama sa kanila na sila ay hawak ng US. Habang patuloy na inaalagaan ng US bilang "reserbang kabayo" si-na si Estrada at iba pang reaksyunaryong lider sa pulitika, tusong inilalantad nito sa rehimeng Arroyo ang mga impormasyon kaugnay sa kampo ni Estrada.

Sa kabilang panig, ginagamit din ng US ang nakalap nitong impormasyon upang bantaan at ilagay sa alanganin si Arroyo. Pinabayaan ng US na ilantad sa publico ang sikreto ng ulat ng US State Department noong Hulyo 2005, gayundin ang ulat ni Joseph Mus-

somelli na noo'y *charge d'affaires* (tagapamahala) ng embahada ng US sa Pilipinas. Tinalakay sa mga ulat na iyon ang mga akusasyon ng pandaraya sa eleksyon, korapsyon, pang-aabuso sa kapangyarihan, bagsak na popularidad ni Arroyo at ang umano'y malamyang pagharap sa problema ng "terorismo" sa bansa.

Bilang dagdag na presyur, hinayaan ng US na kumalat ang mga bali-balitang mayroong hawak na ebidensya ang US hinggil sa nakaw na yaman ng pamilya ni Gloria Arroyo. Ginamit ng US ang ulat na ito upang ipahiwatig sa rehimeng Arroyo ang mga impormasyon maaaring ikasira ni Arroyo at idiin sa kanya "kung si-no ang tunay na hari." Sa gayon, mas matitiyak nilang mapanatiling sunud-sunuran ang kasilukuyang pangunahing tuta nila sa kanilang mga dikta at makapipiga ng maksimum na konesyon mula sa kanya sa kapakinabangan ng US.

AB

## Nasyunalisasyon ng natural gas sa Bolivia

IPINAKIKITA ng bagong gubyerno ng Bolivia sa ilalim ni Pres. Evo Morales ang determinasyon nitong tahakin ang landas ng paglaya sa imperyalismo. Idineklara ni Morales nitong Mayo 1 ang pagsasabansa ng industriya ng *natural gas* bilang bahagi ng pagsasabansa kalaunan ng buong industriya ng enerhiya. Pamamahalaan na ng Yacimientos Petrolíferos Fiscales Bolivianos, isang korporasyong pag-aari ng estado ng Bolivia.

Mayroong 20 dayuhang kumpanyang kumokontrol sa industriya ng enerhiya sa Bolivia, kabilang ang British Gas, British

Petroleum, ExxonMobil at Total. Binigyan sila ng gubyerno ng Bolivia ng anim na buwan para sa renegosasyon ng kanilang mga kontrata. Sa panahong ito, kukunin ng estado ang 82% ng kita ng mga kumpanya. Inaasa-hang aabot sa \$780 milyon sa 2007 ang kita sa produksyon ng *gas* mula \$460 milyon noong 2005. Kung hindi sila makikipag-negosasyon, palalayasin ang mga kumpanyang ito at kukumpiskahin ang ari-arian nila. Pumapangalawa ang Bolivia sa mga bansa sa Latin America na may malalaking reserba ng *natural gas*.

AB

## Serbisyong sibil, binababoy ng Malakanyang

PINAG-IINITAN ngayon ng Malakanyang ang pinuno ng Civil Service Commission (CSC) at tagapangulo ng Career Executive Service Board (CESB) na si Karina Constantino-David dahil sa mga deklarasyon niya at ng CSEB kamakailan na labag sa batas at sa interes ng serbisyon sibil ang ilang desisyon at hakbangin ng Malakanyang. Partikular na tinukoy ng CESB ang pagtatanggal ng Malakanyang noong Setyembre 2005 kay Juan Miguel Luz bilang Undersecretary ng Department of Education (DepEd) matapos tumangi si Luz na ipresesyo ng DepEd ang tatlong tsekeng nagkakahalagang ₱15 milyon na

pansuhol kay Cong. Antonio Diaz ng Zambales kapalit ng di niya pagsuporta sa kasong *impeachment* laban kay Gloria Arroyo.

Nauna nang kinatigan ng CSC ang desisyon ng Malakanyang na tanggalin sa DepEd si Luz sa kabilang ng pagtutol dito ni David dahil kontrolado ni Arroyo ang dalawa sa tatlong myembro nito. Subalit nitong Mayo ay naglabas ng resolusyon ang CESB na bumabatikos sa kawalang-respeto ng Malakanyang sa mga batas hinggil sa serbisyon sibil. Ang CESB ay ahensya na nangangasiwa sa mga namumunong pusisyon sa pambansang gubyerno at mga korporasyong pag-aari ng

estado.

Dahil sa pagsuway ng CESB sa kagustuhan ng Malakanyang, pinagtatanggal ni Arroyo ang mga pumabor kay Luz dito at pinalitan sila ng mga tauhang tapat sa Malakanyang.

Ginagawa ding inutil ni Arroyo ang CSC dahil hindi nito makontrol ang pinuno nitong si David. Sadya ngayong hindi pinupunuan ng Malakanyang ang mga nabakanteng pusisyon sa CSC dahil habang hindi ito kumpleto ay walang pwedeng desisyon ang CSC. Niluluto na rin ng Malakanyang ang pagtatanggal kay David kapwa sa CESB at CSC.

## Lafayette, pinagbabayad, pinalalayas

INIREREKOMENDA nitong Mayo 19 ng Rapu-Rapu Fact-finding Commission na pinamunuan ni Bishop Arturo Bastes ng Sorsogon na pagbayarin ng danyos perwisyos ang Lafayette Mining Ltd., isang kumppanyang Australian, dahil sa pinsalang idinulot nito sa kapaligiran ng isla ng Rapu-Rapu sa Albay at sa kalusugan at kabuhayan ng mamamayan doon. Ang komisyon ay binuo ng Malakanyang noong nakaraang taon.

Ayon sa komisyon, "iresponsableng sinimulan ng Lafayette ang operasyong pagmimina kahit di pa tapos ang imparastruktura para sa proteksyon ng kapaligiran." Kinastigo rin nito ang gubyernong Arroyo sa pagpapabaya nito at kabiguang imonitor ang operasyon sa pagmimina sa Rapu-Rapu.

Sa imbestigasyong isinagawa

ng Komisyong Bastes, napatunayang irresponsableng binubuhos ng Lafayette sa dalawang sapa ang *mine tailings* (dumi mula sa pagmimina) na *cyanide* at iba pang nakalalasong kemikal mula sa pagmimina ng ginto. Dulot nito, nangangamatay ang mga isda at iba pang organismo sa paligid ng Rapu-Rapu. Nagkaroon na rin ng malulubhang sakit ang mga taong nasa paligid nito, katulad ng mga sakit sa balat. Masahol pa, ang dumi mula sa mina ay maaaring magdulot ng kanser, sakit sa utak, pagluluwal ng mga di-normal na mga sanggol at iba pang malulubhang sakit.

Iginigiit ng komisyon na pagbayarin ang Lafayette ng danyos perwisyos. Inirerekomenda rin nito ang pagkansela sa "environ-

mental compliance certificate" na nagpahintulot sa Lafayette na mag-operasyon sa Pilipinas at pagbawi rin sa mga insertivo ibinigay dito kabilang ang eksempsyon sa pagbabayad ng buwis. Inirekomenda rin nito ang pagtitigil ng pagmimina sa Rapu-Rapu.

Inirekomenda ng komisyon ang kaagad na pagtitigil ng pagmimina ng Lafayette sa Rapu-Rapu at ang pagrerepaso ng mismong 1995 Mining Act, sa partikular, ang mga probisyon nitong nagpahintulot sa pagmamay-ari at pagpapatakbo ng mga dayuhan ng operasyong pagmimina sa Pilipinas.

Tulad ng inaasahan, kaagad na tinanggihan ng Malakanyang ang mga rekomendasyon na ito.

Ang Lafayette ay isa sa mga unang kumppanyang nagsimula ng operasyong pagmimina mula nang idineklarang ligal ng Korte Suprema ang Mining Act noong Disyembre 2004.





ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas  
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XXXVII Blg. 10

Mayo 21, 2006

www.philippinerevolution.org

Editoryal

# Madugong pang-iintriga, madugong panunupil

**M**alisyoso at mapanlinlang ang utos ni Gloria Arroyo sa pulisia na imbestigahan umano ang sunud-sunod na pagdukot at pagpatay sa mga makamasang personahe, lider at myembro ng mga progresibong partido at organisyon.

Anupa't palabas lamang ang gayong imbestigasyon. Naobliga si Arroyo na gumawa ng pakitang-taong hakbangin sa harap ng malawakang pagbatikos sa militar at sa kanyang rehimeng na silang tunay na utak sa likod ng walang awat na karahasan laban sa mamamayan at kanilang mga progresibong pwersa.


Katuwang ng hakbanging "imbestigasyon," nagkakalat ang Malakanyang ng isang malaking kasingalingan: na ang mga biktima ng karahasan ng rehimeng Arroyo, ay mga biktima umano ng "pagpupurga" sa hanay ng PKP at BHB, at sila'y mga pinagsuspectsahan daw na ahente ng gubyerno. Kasunod nito, sinasabi nilang si Arroyo at "dalawang namumunong upisyal ng Malakanyang na nagngangalang Gonzalez" ang target na patayin ng BHB. Di pa nakuntento sa mga ka-

sinungalingang ito, idinagdag pa nila na isusunod na rin sa mga papatayin ang ilang lider ng pampolitikang oposisyon.

Talagang nauwi na sa paghahabi ng pantasya ang Malakanyang sa desperasyon nitong pagtakpan ang katotohanan at maghugas-kamay sa responsibilidad nito sa pagpatay sa daan-daang progresibong aktibista. Malisyosong ibinibintang ito sa PKP at BHB sa layuning maghasik ng intriga at siraan ang rebolusyonaryong kilusan. Sinisikap nitong hatiin ang hanay ng nagkakaisang prenteng anti-Arroyo at pahinain ang kilusang masang nagsusulong ng pagbabagsak ng rehimeng Arroyo. Nais din nitong takutin at ikundisyon

ang mamamayan para sa mas maiigting pang panunupil.

Bahagi ng madugong pang-iintriga ng rehimeng Arroyo ang pilit na pagdadawit sa anim na kinatawan ng mga progresibong partido sa Kongreso sa mga kaso ng pagpaslang at pagdukot. Namimilipit man ang lohika at salat sa batayan, pilit na pinalalabas na ang mga biktima ng organisasyon ang



**Mga tampok sa isyung ito...**

10 armas, nasamsam sa Leyte at Samar

PAHINA 7

Panayam kay Jorge "Ka Oris" Madlos

PAHINA 8

Daniel Boone Schirmer, 91

PAHINA 11

## Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-*print* sa istensil:
  - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
  - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
  - c) I-click ang **Properties**
  - d) I-click ang **Advanced**
  - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
  - f) Ituloy ang pag-*print*
- 3.** Hinhikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*